



# Type 2 diabetes at ang papel ng GLP-1

Maraming parte ng iyong katawan ang nakakaambag sa kalagayan ng iyong diabetes.


## Ano ang GLP-1?

Ang GLP-1 ay ang pinaikli na glucagon-like peptide-1, isang hormone na likas na nagagawa sa katawan. Kapag kumakain tayo, tumataas ang ating glucose sa dugo (asukal sa dugo). Gumagana ang GLP-1 sa organo sa iyong katawan na tinatawag na lapay (pancreas) upang magpalabas ng insulin para mapanatiling balanse ang glucose sa katawan. Kung ikaw ay may type 2 diabetes, maaaring hindi maayos ang pagresponde ng iyong katawan sa GLP-1. Kapag hindi mailabas sa tamang pagkakataon ang iyong insulin o sa tamang dami, maaaring maging napakataas ang glucose sa iyong dugo.

## Ang iba't ibang parte ng katawan ay maaaring makaambag sa paglala ng type 2 diabetes

Sa mga taong may type 2 diabetes, may ilang parte ng katawan na maaaring makaapekto sa mga antas ng glucose sa dugo. Ang mga parte ng katawan na ito, kasama ang GLP-1, insulin, at iba pang mga hormone, ay nagtutulungan para matulungan kang pangasiwaan ang glucose sa iyong dugo. Kapag hindi maayos na gumagana ang isang parte, maaaring mapektuhan ang iba.

Tingnan natin nang mas mabuti ang mga parte ng katawan para mas maunawaan kung ano ang nangyayari sa katawan ng isang taong may type 2 diabetes.



### 1 Ang lapay (pancreas)



Ang lapay ang parte ng katawan kung saan nagagawa ang insulin. Tumutulong ang insulin sa pagkontrol ng glucose sa dugo sa pamamagitan ng paglipat sa glucose mula sa daluyan ng dugo tungo sa mga selyula ng katawan para sa enerhiya. Gumagawa rin ang lapay ng hormone glucagon. Sinasabi ng glucagon sa atay na maglabas ng glucose papunta sa dugo para makatulong sa pagbalanse ng glucose sa dugo. Sa type 2 diabetes, ang lapay ay naglalabas ng mas kaunting insulin at mas maraming glucagon na maaaring makaambag sa mas mataas na glucose ng dugo.

### 2 Ang atay



Kung mayroon kang type 2 diabetes, ang iyong lapay ay maaaring maglabas ng masyadong maraming glucagon. Ito, bilang resulta, ay nagdudulot sa atay na maglalabas ng mas maraming glucose, na humahantong sa mas mataas na mga antas ng glucose sa dugo.

### 3 Ang gut



Ang gut ay binubuo ng mga organ na tulad ng iyong tiyan at mga bituka. Kapag kumakain ka, ang mga hormone ng gut na tulad ng GLP-1 at GIP (gastric inhibitory peptide) ay inilalabas para makatulong sa katawan sa paggamit ng glucose mula sa pagkain pati na rin ang pagpigil sa iyong katawan sa paggawa ng mas maraming glucose. Sa type 2 diabetes, may bumabang aktibidad ng GLP-1 at paglaban sa pagkilos ng GIP sa katawan. Nagdudulot ito ng mas kaunting insulin at pagtaas ng glucose sa dugo.

Kapag nauunawaan mo kung paano nagtutulungan ang mga parte ng katawan, mayroon kang mas kumpletong larawan na makakatulong sa iyo sa pagkontrol sa glucose sa iyong dugo. Kung mayroon kang anumang tanong, tiyakin na tanungin ang iyong doktor.



